## SA QC MAYORALTY RACE

# Belmonte, nanguna sa latest survey

Kung ngayon gaganapin ang eleksyon, tiyak na mananalo si Quezon City Vice Mayor Joy Belmonte bilang alkalde sa lungsod laban kay 1st District Representative Vincent Crisologo.

Ito ay batay sa latest poll survey na isinagawa ng Publicus Asia Inc. noong nakaraang Nobyembre 16 hanggang 20 mula sa 1,800 botante.

Sa survey na ito, nakakuha si Belmonte ng 59 percent habang 17 percent ang nakuha ni Crisologo habang ang iba pang kandidato sa naturang posisyon ay nakakuha ng dalawang porsiyento.

Nangangahulugan na kung ngayon gagawin ang halalan, milya-milya ang magiging lamang ni Belmonte sa kanyang mga katunggali.



*QC Vice Mayor Joy Belmonte*

"I'm very thankful to God and to our constituents for this positive response. We have a long way to go, but I am confident that my call for better governance and inclusive development will be heard loud and clear," ani Belmonte.

Ang plataporma ni Belmonte, na kasalukuyang nasa ikatlong termino bilang bise-alkalde, ay ang pagsusulong ng mga serbisyong pantao sa lungsod.

Para naman sa mga tumatakbong vice mayor ng QC, nangunguna sa survey si Councilor Gian Sotto na ka-tandem ni Belmonte na nakakuha ng 42 percent votes kumpara sa 15 percent na nakuha ng kalabang si Jopet Sison at 13 percent naman para kay Roderick Paulate.

Ang poll na ito ay independent at non-commissioned at ituturing na "baseline" poll bago pa man magsimula nang opisyal ang kampanya, ayon sa pahayag ng #Pahayag-NCR. *(Angie dela Cruz)*